

Mga tungkulin para sa mga magulang at ibang tao

Mga tungkulin para sa mga magulang at ibang tao: mga bagong legal na obligasyon

Noong Hunyo 2019, gumawa ng mga pababago sa *Batas sa Diborsyo* ang Pamahalaan ng Canada. Ang ilan sa mga pababago ay gumawa ng mga bagong tungkulin para sa mga magulang at ibang tao na may oras para sa pagmamagulang o responsibilidad na magpasya, o mga partido sa isang usapin sa korte sa ilalim ng *Batas sa Diborsyo*. Kasama rin sa mga pagbabago ang mga bagong tungkulin para sa mga legal na tagapayo. Malalapat ang mga pagbabagong ito simula Marso 1, 2021.

Ang pagkilos para sa ikabubuti ng bata ang pinakaunang priyoridad sa lahat ng usapin tungkol sa batas sa pamilya na may kinalaman sa mga bata.

Nagtatakda ang bagong *Batas sa Diborsyo* ng mga tungkulin para sa mga magulang at ibang tao upang tulungan silang kumilos para sa ikabubuti ng bata, pati kapag kasama ang mga korte.

Kasama rin sa mga pagbabago sa *Batas sa Diborsyo* ang mga bagong tungkulin para sa mga legal na tagapayo na tulungan ang mga magulang at ibang tao na magampanan ang kanilang mga tungkulin sa ilalim ng *Batas*.

Ang dokumentong ito ay

- magbibigay sa inyo ng impormasyon tungkol sa bawat tungkulin, at
- tutulong sa inyong maunawaan kung paano pinakamahusay na magagampanan ang inyong mga legal na obligasyon.

Nasa pahinang ito

- **Pagkilos para sa ikabubuti ng bata**
- **Pagprotekta sa mga bata mula sa salungatan**
- **Paggamit sa proseso ng pagresolba sa di-pagkakasundo ng pamilya**
- **Pagbibigay ng kumpleto, tumpak, at napapanahong impormasyon**
- **Pagsunod sa mga utos**
- **Sertipikasyon**
- **Mga tungkulin para sa mga legal na tagapayo**

- Kung mayroon kayong utos sa pakikipag-ugnayan sa ilalim ng bagong *Batas sa Diborsyo*, nalalapat din sa inyo ang mga tungkuling ito.
- Kung hindi kayo ang asawa ngunit tumatayo kayong magulang o pinaplano ninyong

May limang tungkulin para sa mga partido sa ilalim ng *Batas sa Diborsyo*

1) Pagkilos para sa ikabubuti ng bata

Mahalaga ang pagpapasya para sa ikabubuti ng bata. Ang ikabubuti ng bata ang pagsusuring inilalapat ng mga korte kapag nagpapasya sa mga kasong may kinalaman sa mga bata, at isa na ito ngayong pangunahing tungkulin sa ilalim ng bagong *Batas sa Diborsyo*.

Sa ilalim ng bagong *Batas sa Diborsyo*, kung mayroon kayong oras para sa pagmamagulang, responsibilidad na magpasya, o pakikipag-ugnayan sa bata, dapat kayong kumilos para sa ikabubuti ng batang iyon habang ginagawa ninyo ang inyong mga responsibilidad sa kanya.

Sa bagong *Batas sa Diborsyo*, may listahan ng mga partikular na salik upang tulungan kayo at ang mga korte na malaman kung ano ang pinakamainam para sa inyong anak sa isang partikular na sitwasyon. Ito ang mga salik, gaya ng

- mga pangangailangan ng bata, batay sa kanyang edad at antas ng paglaki, gaya ng kanilang pangangailangan ng stability
- ugnayan ng bata sa bawat magulang
- ugnayan ng bata sa mga kapatid, lolo at lola, at iba pang mahalagang tao sa kanyang buhay
- mga kasunduan sa pag-aalaga ng bata bago ang paghihiwalay at mga plano sa hinaharap para sa pag-aalaga ng bata
- mga pananaw at kagustuhan ng bata
- pagpapalaki sa at pinagmulan ng bata na nauugnay sa kultura, wika, relihiyon at espirituwal, kasama na ang Katutubong pagpapalaki at pinagmulan

Kasama sa iba pang salik ang kakayahan at kahandaan ng magulang na

- alagaan ang bata
- suportahan ang ugnayan ng bata sa isa pang magulang
- makipagtulungan at makipag-ugnayan tungkol sa mga isyu sa pagmamagulang

Mayroon ding iba pang salik na posibleng makaapekto sa kaligtasan ng bata gaya ng

- anumang karahasan sa pamilya at ang epekto nito sa
 - kakayahan at kahandaan ng sinumang tao na sangkot sa marahas na pag-uugaling iyon na alagaan at tugunan ang mga pangangailangan ng bata, at
 - pagiging naaangkop ng paggawa ng utos na mag-aatas sa mga tao na magtulungan sa mga isyung nakakaapekto sa bata
- anumang kasalukuyang sibil o kriminal na paglilitis, utos, kundisyon, o panukala na nauugnay sa kaligtasan, seguridad, at kapakanan ng bata

Isaalang-alang ang mga salik na ito kapag nagpapasya kayo tungkol sa inyong anak. Halimbawa, kung pumipili kayo ng bagong paaralan, kayo at ang isa pang magulang ay dapat magpasya batay sa kung alin ang magiging pinakamainam para sa inyong anak. Kung hindi kayo magkakasundo ng isa pang magulang, susuriin ng isang hukom ang mga salik na nabanggit sa itaas upang makapagpasya.

Makikita ang higit pang impormasyon tungkol sa mga salik para sa ikabubuti ng bata [dito](#).

2) Pagprotekta sa mga bata mula sa salungatan

Ang isa sa pinakamahalagang bagay na magagawa ninyo para sa inyong mga anak ay protektahan sila na makita o marinig ang salungatan sa pagitan ninyo at ng isa pang magulang.

Nagtatakda ang bagong *Batas sa Diborsyo* ng isang partikular na tungkulin na gawin ninyo ang makakaya ninyo upang protektahan ang inyong mga anak mula sa salungatang maaaring mangyari bilang resulta ng inyong paghihiwalay o diborsyo.

Upang tulungan kayong magampanan ang tungkuling ito, narito ang ilang bagay na dapat tandaan:

- subukang iwasang pagtalunan o pag-usapan ang mga detalye ng inyong usapin sa korte kapag maririnig ng mga bata – maghintay hanggang sa wala sila sa bahay o subukang pumunta sa ibang lugar na hindi nila kayo maririnig
- iwasang batikusin o magreklamo tungkol sa isa pang magulang sa harap ng mga bata
- iwasang iparamdam sa mga bata na kailangan nilang “pumanig” laban sa isa pang magulang

Maaari kayong tulungan ng isang abugado, tagapamagitan, o iba pang propesyonal sa batas sa pamilya na gumawa ng mga diskarte upang tulungan kayong protektahan ang inyong mga anak mula sa salungatan.

3) Paggamit sa proseso ng pagresolba sa di-pagkakasundo ng pamilya

Ang ‘pagresolba sa di-pagkakasundo ng pamilya’ ay isang bagong termino sa *Batas sa Diborsyo*. Isa itong proseso sa labas ng korte na magagamit ng mga pamilya upang resolbahin ang mga isyung nauugnay sa pagmamagulang, suporta sa pamilya, at para sa ilang pamilya, ari-arian. Kasama sa mga halimbawa ng mga proseso ng pagresolba sa di-pagkakasundo ng pamilya ang negosasyon, collaborative law, pamamagitan, at arbitrasyon.

Sa ilalim ng bagong *Batas sa Diborsyo*, kailangan ninyong subukang resolbahin ang inyong mga isyu sa batas sa pamilya sa pamamagitan ng paggamit ng proseso ng pagresolba sa di-pagkakasundo ng pamilya, ngunit kung naaangkop lang ito. Halimbawa, posibleng hindi naaangkop ang mga proseso ng pagresolba sa di-pagkakasundo ng pamilya kung nakaranas kayo ng karahasan sa pamilya at may mga kasalukuyang isyu sa kaligtasan, o kapansin-pansin ang hindi pagiging balanse ng kapangyarihan sa pagitan ninyo at ng isa pang tao.

Maraming bentahe ang paggamit ng mga proseso ng pagresolba sa di-pagkakasundo ng pamilya sa halip na magpapasya ang isang hukom para sa inyo:

- alam ninyo kung ano ang kailangan ng inyong mga anak. Maaaring mahirap itong ipaliwanag sa isang hukom na limitadong detalye lang tungkol sa inyong pamilya ang nakikita sa proseso sa korte
- maaaring mas mura at mas mabilis ang pagresolba sa di-pagkakasundo ng pamilya kaysa pumunta sa korte
- maaaring mabuti para sa inyong mga anak na makitang nagtutulungan ang mga magulang
- makakatulong ang ilang proseso ng pagresolba sa di-pagkakasundo ng pamilya na pahusayin ang inyong kakayahang makipag-ugnayan sa isa’t isa

Maaari kayong tulungan ng isang abugado, tagapamagitan, o iba pang propesyonal sa batas sa pamilya na magpasya kung aling mga proseso ng pagresolba sa di-pagkakasundo ng pamilya ang maaaring pinakamainam para sa inyo.

Maaari din kayong maghanap sa website ng Departamento ng Hustiya ng Canada [rito](#) upang malaman kung mayroong mga proseso ng pagresolba sa di-pagkakasundo ng pamilya mula sa pamahalaan sa inyong lugar.

Maraming paraan upang makapagpasya ang mga tao tungkol sa mga isyung nauugnay sa paghihiwalay o diborsyo. Kailangan ninyong pagpasyahan ang pamamaraang pinakamainam para sa inyo at sa inyong pamilya. Anumang proseso ang gagamitin ninyo, mahalagang tumuon sa ikabubuti ng inyong mga anak. Kumonsulta sa Fact Sheet na - [Pagresolba sa di-pagkakasundo ng pamilya: pagresolba sa mga isyu sa batas sa pamilya sa labas ng korte \(Family dispute resolution: resolving family law issues out of court\)](#).

4) Pagbibigay ng kumpleto, tumpak, at napapanahong impormasyon

Ayon sa bagong *Batas sa Diborsyo*, may tungkulin ang mga partido na ibigay ang lahat ng impormasyong kailangan sa ilalim ng *Batas sa Diborsyo* at mga regulasyon nito. Ito ay upang makagawa ng mga kasunduan ang mga magulang at makagawa ng mga utos ang mga korte batay sa tumpak na impormasyon.

Halimbawa, upang tulungan ang korteng tukuyin ang patas at tumpak na halaga ng suporta sa anak sa ilalim ng Mga Pederal na Alituntunin sa Suporta sa Anak (mga regulasyon sa ilalim ng *Batas sa Diborsyo*), kailangan ninyong magbigay ng kumpleto, tumpak, at napapanahong impormasyon ng kita. Nangangahulugan itong kailangan ninyong ibigay ang

- inyong mga income tax return para sa bawat isa sa tatlong pinakahuling taon ng pagbubuwis
- mga abiso ng pagtatasa at muling pagtatasa mula sa Canada Revenue Agency para sa bawat isa sa tatlong pinakahuling taon ng pagbubuwis

Depende sa inyong sitwasyon, maaaring kailanganin niyo ring magbigay ng iba pang impormasyon, gaya ng

- inyong pinakahuling statement ng mga kinikita o pay slip, o isang sulat mula sa inyong employer na nagpapahayag ng inyong sweldo o mga sahod
- mga financial statement ng inyong korporasyon, kung self-employed kayo, o kung may kinokontrol kayong korporasyon
- impormasyon sa kitang natatanggap ninyo mula sa insurance sa trabaho

Makikita ang higit pang impormasyon tungkol sa kung paano magbigay ng kumpleto, tumpak, at napapanahong impormasyon ng kita para sa mga layunin ng suporta sa anak [dito](#).

Pananagutan ng mga pamilya sa iba't ibang korte

Kung minsan, may pananagutan ang mga pamilya sa iba't ibang korte nang magkakasabay. Kadalasang nangyayari ito sa mga kaso ng karahasan sa pamilya, kung saan maaaring nauugnay ang lahat ng sistema ng hustisya ukol sa krimen, sistema ng proteksyon ukol sa anak, at ang sistema ng hustisya sa pamilya.

Maaaring maging napakahirap ng mga sitwasyong ito. Halimbawa, kung hindi alam ng korteng pampamilya ang tungkol sa isang kriminal na utos na nagsasabing hindi maaaring magkaroon ng ugnayan sa pagitan ng mga magulang, posibleng makagawa ang hukom ng salungat na utos sa pagmamagulang. Dahil dito, maaaring maging mahirap o imposibleng sundin ang parehong utos at maaaring magkaroon ng mga panganib sa kaligtasan.

Upang tumulong sa pagharap dito, sinasabi sa bagong *Batas sa Diborsyo* na dapat isaalang-alang ng mga hukom kung mayroong anumang kasalukuyan o nakabinbing paglilitis o utos para sa sibil na proteksyon, proteksyon ng bata, o kriminal na paglilitis na nauugnay sa nagdidiborsyong mag-asawa.

Kung nagdiborsyo o nakikipagdiborsyo kayo at humihiling ng utos ng korte para sa pagmamagulang, suporta sa anak, o suporta sa asawa, kakailanganin ninyong sabihin sa korte ang tungkol sa anumang kaso o utos na kriminal o kaugnay ng proteksyon ng bata na may kinalaman sa inyo o sa dati ninyong asawa, o tungkol sa anumang utos ng pagbabawal o pagprotekta laban sa isa sa inyo.

Makikita ang higit pang impormasyon tungkol sa mga pamilyang may pananagutan sa iba't ibang bahagi ng sistema ng hustisya dito .
--

Mayroon kayong legal na obligasyon na ibigay ang lahat ng kinakailangang impormasyon sa mga korte kapag hiningi sa inyo ang mga ito. May mga paraan ang mga korte upang pilitin ang mga indibidwal na ibigay ang impormasyong kinakailangan sa ilalim ng *Batas sa Diborsyo* at mga regulasyon nito, gaya ng pagbibigay ng mga utos sa paghahayag, ngunit magreresulta ito sa pagkaantala na hindi makabubuti sa inyong anak.

5) Pagsunod sa mga utos

Ipinapaalala ng bagong *Batas sa Diborsyo* sa mga partido na sa sandaling naglabas ng utos ang korte, kailangan ninyong sundin ang utos na iyon.

Hindi ito isang bagong obligasyon, ngunit kung minsan ay may maling paniniwala ang mga magulang na hindi nila kailangang sundin ang kanilang mga utos ng batas sa pamilya.

Halimbawa, kailangan ninyong magbayad ng suporta sa bata hanggang sa mawalan ng bisa ang utos. Nangangahulugan ito na kung hindi nakasaad sa utos kung kailan ninyo maaaring ihinto ang pagbabayad ng suporta sa bata, kailangan ninyong magbayad ng suporta sa bata hanggang sa baguhin ng korte ang utos.

Gayundin, kung ipinag-utos ng korte ang isang partikular na iskedyul ng pagmamagulang, hindi ninyo mapipigilan nang mag-isa ang isa pang magulang na tuparin ang oras para sa pagmamagulang nang walang dahilan.

Kung hindi ninyo susundin ang utos, maaaring magkaroon ng mga seryosong legal na kahihinatnan. Halimbawa, maaaring gumawa ang korte ng utos ng paglabag laban sa inyo. Pagkatapos, maaaring magpataw ang korte ng iba't bang parusa, kasama na ang

- multang babayaran sa korte

- perang ibabayad sa kabilang partido para sa kanilang mga ginastos sa korte (halimbawa, mga bayad sa abugado)
- pagkakakulong, sa mga malalang kaso

Kung minsan, maaaring ayaw ninyong sundin ang utos ng korte dahil nagkaroon ng pababago sa inyong buhay o sa buhay ng inyong anak na hindi sinasaklaw ng utos ng korte. Maaaring naniniwala kayong hindi na nakabubuti sa inyong anak ang utos ng korte.

Sa ganitong sitwasyon, kailangan ninyong bumalik sa korte upang hilinging baguhin ang utos upang maipakita ang bagong sitwasyon. Hanggang sa mabago ang utos, kailangan ninyong sundin ang orihinal na utos ng korte.

Sertipikasyon

Mahalagang balikan ninyo ang inyong mga tungkulin at maging kumportableng sabihing nauunawaan ninyo ang mga ito.

Sa ilalim ng bagong *Batas sa Diborsyo*, sa tuwing maghahain kayo ng dokumento sa korte - magsisimula man ito ng isang usapin sa korte o sumasagot sa isang usapin - kakailanganin ninyong kumpirmahin na nauunawaan ninyo ang bawat isa sa lima ninyong tungkulin sa ilalim ng *Batas sa Diborsyo*.

Nalalapat ito sa sinumang partido sa isang usapin sa korte. Kakailanganin ninyo itong kumpirmahin mayroon man kayong abugado o kinakatawan ninyo ang inyong sarili.

Mga tungkulin para sa mga legal na tagapayo

Sa ilalim ng bagong *Batas sa Diborsyo*, ang legal na tagapayo ay isang propesyonal na kwalipikadong magbigay sa inyo ng legal na payo o katawanin kayo sa mga kaso sa ilalim ng *Batas*. Sa ilang probinsya, maaaring kasama rito ang isang notaryo o paralegal.

Nagtatakda rin ang mga pagbabago sa *Batas sa Diborsyo* ng mga bagong tungkulin para sa mga legal na tagapayo upang tulungan kayo sa inyong mga tungkulin sa ilalim ng *Batas*. Halimbawa, kailangang gawin ng mga legal na tagapayo na

- hikayatin ang kanilang mga kliyente na subukang gumamit ng proseso ng pagresolba sa di-pagkakasundo ng pamilya upang resolbahin ang usapin ng kanilang pamilya, maliban kung malinaw na hindi ito naaangkop
- sabihin sa kanilang mga kliyente ang tungkol sa mga serbisyo para sa hustisya sa pamilya na makakatulong sa kanilang lutasin ang usapin sa kanilang pamilya o matugunan ang kanilang mga obligasyon sa ilalim ng *Batas sa Diborsyo*

May obligasyon din ang mga legal na tagapayo na ipaliwanag sa inyo ang kanilang mga [tungkulin](#).

Tandaan – ang inyong mga tungkulin ay

- 1) Kumilos para sa ikabubuti ng inyong mga anak
- 2) Protektahan ang inyong mga anak mula sa salungatan
- 3) Subukan ang pagresolba sa di-pagkakasundo, maliban kung hindi ito naaangkop
- 4) Ibigay ang lahat ng impormasyong kinakailangan sa inyong kaso sa korte
- 5) Sundin ang utos ng korte sa inyo

Makikita ang higit pang impormasyon tungkol sa mga serbisyo para sa hustisya sa pamilya [dito](#).

May tungkulin din ang mga legal na tagapayo na patunayang sumunod sila sa kanilang mga tungkulin sa ilalim ng *Batas sa Diborsyo*.

Mga kaugnay na link

- [Paggawa ng Mga Plano: Isang gabay sa mga kasunduan sa pagmamagulang pagkatapos ng paghihiwalay o diborsyo \(Making Plans: A guide to parenting arrangements after separation or divorce\)](#)
- [Checklist ng plano sa pagmamagulang \(Parenting plan checklist\)](#)
- [Tool para sa plano sa pagmamagulang \(Parenting plan tool\)](#)
- [Fact sheet ng pagmamagulang \(Parenting fact sheet\)](#)
- [Fact sheet ng pagresolba sa di-pagkakasundo ng pamilya \(Family dispute resolution fact sheet\)](#)
- [Fact sheet ng diborsyo at karahasan sa pamilya \(Divorce and family violence fact sheet\)](#)